Pahayag ni **JAMIE L. MATTHEWS**, Kandidato para
Alkalde, Lunsod ng Santa Clara

Trabaho: Alkalde, Lunsod ng Santa Clara **Edad:** 51

Edukasyon at Kuwalipikasyon:

Ikararangal kong makuha ang inyong boto para muling mahalal bilang Alkalde ng Santa Clara. Bilang isang asawa, ama ng apat at ikalimang henerasyon na Taga-Santa Clara, ako ay nagtatalaga ng sarili sa kasalukuyan, nakaraan at hinaharap ng Santa Clara. Bilang Alkalde, ako ay pumatnubay sa Santa Clara mula sa "Malaking Resesyon" patungo sa kasaganaan, lumikha ng 20,000 bagong trabaho at higit sa 6.5 Bilyon sa pribadong pamumuhunan. Itinayo at binuksan ang Istadyum ng Levi's, nakuha ang Superbowl-50, inakit ang pagtitingi sa El Camino kabilang ang Target at Sprouts, nagtayo ng Pabahay sa Nakatatanda, ibinalik ang mga kuwitis at paputok, binuksan ang bagong aklatan at parke, pinalawak ang Creektrail, muling binuo ang mga reserbang pang-emerhensiya, tiniyak ang pinakamababang mga presyo ng utilidad at programang paglilinis, mga gantimpalang natanggap para sa mga serbisyo sa Kapaligiran, Pananalapi, at Aklatan, lahat habang binabalanse ang apat na magkakasunod na badyet. Ikinararangal na inirekomenda ng ating mga Miyembro ng Konseho ng Lunsod, mga dating Alkalde, mga Miyembro ng Konseho, mga Hepe ng Bumbero at Pulisya at mga Kapisanan, mga Lider ng Komunidad, mga grupo ng Negosyo, mga Komisyonado, mga panrehiyong opisyal at marami pa. Ang pinalawak na listahan, mga detalye at panghinaharap na mga plano ay makukuha www.MayorMatthews.com.

Bagaman ang Santa Clara ay nakilala sa buong mundo, titiyakin ko na hindi mawawala ang ating pakiramdam ng maliit na bayan at kalidad ng buhay. Ako ay magpopokus sa matatagumpay na pagpapatakbo ng Istadyum, pagpapaganda ng El Camino, muling pagtatayo ng makasaysayang downtown, pag-akit sa mga tindahan, restawran, trabaho, abot-kayang pabahay, at mahuhusay na serbisyo. Ako ay magiging isang positibong tagapagtaguyod para sa Santa Clara at magiging bukas, madaling lapitan at matugunin sa inyong mga pangangailangan. Salamat po sa-inyo